sirena

Gloc-9

Ebe:
Akoy isang sirena
Kahit anong sabihin nila ako ay ubod ng ganda
Akoy isang sirena
Kahit anong gawin nila bandera koy di tutumba
Drum na may tubig ang sinisisid
Naglalakihang mga braso sa akin dumidikdik
Drum na may tubig ang sinisisid
Sa patagalan ng paghinga, sakin kayo ay bibilib
Gloc 9:
Simula pa nong bata pa ako,
Halata mo na kapag naglalaro
Kaya para lahat ay nalilito,
Magaling sa Chinese garter at piko
Mga labi koy pulang pula,
Sa bubble gum na sinapa
Palakad lakad sa harapan ng salamin,
Sinasabi sa sarili anong panama nila
Habang kumekembot ang bewang,
Mga hikaw na gumegewang
Gamit ang pulbos na binili kay aling bebang
Upang matakpan ang mga pasa sa mukha
Na galing sa aking ama
Na tila di natutuwa sa tuwing akoy nasisilayan
Laging nalalatayan,
Sa paglipas ng panahon ay di ko namamalayan
Na imbes na tumigas ay tila lalong lumalambot
Ang puso kong mapagmahal
Parang pilik matang kulot..
Ebe:
Akoy isang sirena
Kahit anong sabihin nila ako ay ubod ng ganda
Akoy isang sirena
Kahit anong gawin nila bandera koy di tutumba
Drum na may tubig ang sinisisid
Naglalakihang mga braso sa akin dumidikdik
Drum na may tubig ang sinisisid
Sa patagalan ng paghinga, sakin kayo ay bibilib
Gloc 9:

Hanggang sa naging binata na ako
Teka muna mali, dalaga na pala to
Pero bakit parang lahat ay nalilito pa rin
Ano bang mga problema nyo
Dahil ba ang mga kilos koy iba,
Sa dapat makita ng inyong mata
Sa tuwing nanonood ng liga laging natutulala
Kahit di pumasok ang bola akoy tuwang tuwa
Kahit binaliw na sa tapang, kasi ganun na lamang
Akong paluin ng tubo kahit kinakalawang
tama nanaman itay, di napo ako pasaway
Di ko na po isusuot ang lumang saya ni inay
Kapag akoy naiiyak ay sumusugod sa ambon
Iniisip ko na lamang na baka akoy ampon
Kasi araw araw na lamang ay walang humpay na banat
At inaaabot ang ganda ko papailalim ng dagat
Ebe:
Ako'y isang sirena
Kahit anong sabihin nila ako ay ubod ng ganda
Akoy isang sirena
Kahit anong gawin nila bandera koy di tutumba
Drum na may tubig ang sinisisid
Naglalakihang mga braso sa akin dumidikdik
Drum na may tubig ang sinisisid
Sa patagalan ng paghinga, sakin kayo ay bibilib
Gloc 9:
Lumipas ang mga taon na nagsipag-asawa
Aking mga kapatid, lahat silay sumama
Nagpakalayo layo ni hindi makabisita
Kakain na po itay, nakahanda nang lamesita
Akay akay sa paglakad paisa isang hakbang
Ngayoy butot balat ang dati matipunong katawan
Ngayon sa iyong kaarawan, susubukan kong palitan
Ang lungkot na nadarama, wag napo nating balikan
Kahit medyo naiinis hindi dahil sa nagka-cancer
Kasi dahil ang tagapag-alaga moy nakadaster
Isang gabi, akoy iyong tinawag, lumapit
Ako sayong tabi ikay tumangan, kumapit
Ka sa aking kamay kahit hirap magsalita
Anak, patawad sana sa lahat ng aking nagawa
Di sinusukat ang tapang at ang bigote sa mukha
Dahil kung minsa mas lalake pa sa lalake ang bakla
Ebe:
Drum na may tubig ang sinisisid
Naglalakihang mga braso, sakin dumidikdik

Drum na may tubig ang sinisisid
Sa patagalan ng paghinga sakin kayo ay bibilib
Akoy isang sirena
Kahit anong gawin nila
Bandera koy di tutumba

Lyrics provided by
https://damnlyrics.com/